
6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 10:
## Pagsusuri ng Maikling Pelikula




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino– Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 10: Pagsusuri ng Maikling Pelikula**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Lourdes V. Oropio |
| **Editor:** | Francisca L. Pinos |
| | Marijo N. Panuncio |
| | Lilibeth D. Meliton |
| **Tagasuri:** | Junry M. Esparar |
| | Celestino S. Dalumpines IV |
| **Tagaguhit:** | Jonard A. Villarde |
| | Swelyn E. Forro |
| **Tagalapat:** | Esmeralda A. Dagmil |
| **Tagapamahala:** | Ma. Gemma M. Ledesma |
| | Salvador O. Ochavo, Jr. |
| | Elena P. Gonzaga |
| | Jerry A. Oquindo |
| | Segundina F. Dollete |
| | Shirley A. De Juan |
| | Merlie J. Rubio |

**Inilimbag sa Pilipinas ngDepartment of Education – Region VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# 6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 10:
## Pagsusuri ng Maikling Pelikula

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsusuri ng Maikling Pelikula.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka at ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum sa K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsusuri ng Maikling Pelikula!

Ang modyul na ito ay ginawabilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*



Kumusta ka na mahal kong kaibigan? Heto na naman si Kokoy, ang inyong kabagang sa pagkatuto. Halika na at ating tunguhin ang landas ng bagong kaalaman tungkol sa pagsusuri ng napanood na maikling pelikula. Batid kong lalo kang masisiyahan. Gawin mong kawili-wili ang pagsagot sa mga gawaing naiatang sa iyo.

Pagkatapos ng aralin, inaasahang malilinang mo ang kasanayan na:

- Nasusuri ang mga kaisipan/ tema/layunin/tauhan/tagpuan at pagpapahalagang nakapaloob sa napanood na maikling pelikula. (**F6PD-If-10; F6VC-Ile-13 at F6PD-Illh-1-6**)

## Subukin


Ops…. huwag kang kabahan sa pagsubok na ito! Ito'y panimulang pagsubok lamang upang sukatin ang iyong kaalaman sa paksa.

Sige, subukin natin ang kakayahan mo sa pagsusuri ng pelikula. Kopyahin ang *link* na makikita sa ibabang bahagi ng larawan. Isulat ito sa *search bar* ng *internet browser* at hanapin ang pelikula.

Nawa'y masisiyahan ka nitong panonoorin mo at masasagot nang buong husay ang mga katanungan hinggil dito.



**Ang Dalawang Gutom na Aso**



https://www.youtube.com/results?search_query=ang+dalawa+gutom+na+aso+

**Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.**

1. Ano ang pamagat ng pinanood na pelikula?
   A. Ang Dalawang Gutom na Aso
   B. Ang Dalawang Maliliit na Aso
   C. Ang Dalawang Gutom na Pusa
   D. Ang Dalawang Masayahing Aso

2. Ang mga tauhan sa pinanood na maikling pelikula ay ___________.
   A. ang dalawang aso
   B. ang dalawang pusa
   C. ang dalawang kuneho
   D. ang dalawang kabayo

3. Ang tagpuan sa napanood ay ______________.
   A. parke
   B. kalsada
   C. palengke
   D. simbahan

4. Ano ang dinadaing ng dalawang aso?
   A. Nainitan ang dalawang aso.
   B. Nauuhaw ang dalawang aso.
   C. Nais maglaro ng dalawang aso.
   D. Nagugutom ang ang dalawang aso.

5. Bakit napunta sa may tubigan ang dalawang aso?
   A. Nais nilang maligo.
   B. Nahulog ang bola dito.
   C. May nakita silang isda dito.
   D. Gusto nilang uminom ng tubig.

6. Paano naging buto ang bola?
   A. Ginawang buto ng diwata ang bola.
   B. Naging buto ang bola nang mahulog sa tubig.
   C. Malamig ang tubig kaya ginawang buto ang bola.
   D. Naging buto ang bola sa paningin ng mga aso dahil sa gutom na nadama nila

7. Ano ang nais ipaabot ng manunulat sa mga tagapanood?
   A. Ang pagmamadali ay nagbubunga ng kabutihan.
   B. Maging mapagmatyag, bago isagawa ang isang bagay.
   C. Isagawa ang isang bagay na hindi pinag-isipang mabuti.
   D. Ang anumang gawain ay maging madali kapag may kasama kang gumagawa nito.

8. Ano ang paksa ng iyong napanood?
   A. Matalinong pagpapasiya
   B. Pakikisama sa isang kaibigan
   C. Pagmamadali ng paggawa ng desisyon
   D. Pagtutulungan sa paggawa ng isang bagay

9. Ano ang naging wakas ng pelikula?
   A. Naging buto ang bola.
   B. Nabusog ang dalawang aso sa kinain nilang buto.
   C. Nasarapan ang dalawang aso sa kinain nilang buto.
   D. Hinimatay ang dalawang aso dahil sa dami ng ininom nilang tubig.

10. Ano ang aral na ipinahahatid ng maikling pelikula?
   A. Magmadali sa paggawa ng desisyon.
   B. Huwag makinig sa iba sa paggawa ng desisyon.
   C. Isipin lamang ang sarili sa paggawa ng anomang desisyon.
   D. Mag-isip muna nang mabuti bago isagawa ang isang desisyon.

# Aralin 1 Pagsusuri ng Maikling Pelikula

Naging libangan na natin ang panonood ng pelikula.

Ikaw, anong pelikula na ang iyong napanood at nagustuhan? Bakit? Naantig ba ang iyong damdamin sapagkat may kaugnayan ito sa iyong buhay? Kaya hindi mo makalimutan ang mga eksenang tumatak sa iyong puso't isipan. Aba kung ganoon tara na, manood pa tayo ng iba pang pelikula.



## *Balikan*

Panoorin ang maikling pelikula na nakasaad sa link na: ***http://youtube/maiklingpelikula/angmatalinongkuneho***. Unawain ang pinanonood na maikling pelikula sa tulong ng *Story Grammar*. Lagyan ng mga impormasyon ang mga kahon batay sa isinasaad na tanong.

**Ang Matalinong Kuneho**

**Tagpuan**

**Saan** (lokasyon ng pelikula)

- ____________________________________________.

**Tema**

Ano ang aral at mensaheng hatid ng pelikula?

- ____________________________________________

**Mensahe**

Ano ang nais iparating ng pelikula sa iyo bilang manonood?

- ____________________________________________

**Tauhan**

Sino-sino ang nagsisiganap sa pelikula?

- ____________________________________________.

**Layunin**

Ano ang layunin ng may-akda ng pelikula?

- ____________________________________________

***Mga Tala para sa Guro***

*Ito ay panimulang pagtatasa lamang. Maaaring itala ang iskor para matukoy ang kahinaan ng mag-aaral.*

## *Tuklasin*



Ngayon ay bigyan mo ng malinaw na pagsasalaysay ang mga kaisipan/tema/layunin/tauhan/tagpuan at pagpapahalagang nakapaloob sa napanood na maikling pelikulang pinamagatang, "***Ang Matalinong Kuneho***".


Tunghayan mo ang kasunod na gawain.

**Panuto: Piliin mula sa *scroll* sa susunod na pahina ang angkop na elemento ng pelikula ang isinasaad sa loob ng bawat kahon sa ibaba at isulat sa nakalaang espasyo. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

1. Sa isang **kagubatan** naninirahan ang Leon at iba pang mga hayop. Ang Leon ang itinuturing na hari sa kagubatan. Ang ibang hayop lalo na ang mga maliliit ay ginagawa niyang pagkain. Araw-araw hindi lang isang hayop ang kinakain niya. Labis itong ikinababahala ng iba pang hayop sapagkat halos wala ng natira sa lahi nila.

_______________________________________________

| |
|---|
| 2. Nagkasundo ang mga hayop na **elepante, mga unggoy, mga kuneho, mga pagong, tigre, at soro** na magpatawag ng pagpupulong at hiningi nila ang presensiya ng haring **Leon**. Tinugunan naman ito ng hari. <br><br> ______________________________ |
| 3. Isang araw, ang **tusong kuneho** ang ipinadala sa yungib. Ayaw ng kuneho na mamatay, nag-isip siya nang paraan upang matuldukan na ang suliranin ng mga kasamahan nitong hayop at magkaroon na sila ng kalayaan. Nag-isip siya ng paraan na maaaring makaligtas sa kaniyang buhay at ng buong kagubatan laban sa malupit na hari. <br><br> ______________________________ |
| 4. Ang katalinuhan ay nakahihigit sa pisikal na lakas. <br><br> ______________________________ |
| 5. Mula noon naging malaya na ang mga hayop sa kagubatan dahil wala na ang malupit na haring lalamon sa kanila <br><br> ______________________________ |



# *Suriin*

Magaling at nasagot mo ang mga katanungan. Ang iyong ginawa ay isang paraan ng pagsusuri sa isang maikling pelikula. Sa pagsusuri ng pelikula, may mga konsepto na dapat nating bigyang-pansin. Basahin at unawain ang mga elemento ng pelikula na dapat mong malaman.



Ang **maikling pelikula** ay tinatawag ding sine o likhang sining na may simula, gitna at wakas. Ito ay karaniwang napapalooban ng mga mahahalagang elemento katulad ng tauhan, tagpuan, layunin, tema at mahahalagang kaisipan.

1. **Tauhan** – Sila ang nagbibigay buhay o gumaganap sa karakter sa pelikula. Malinaw ba ang karakterisasyon ng mga tauhan? Lumutang ba ang mga katangian ng tauhan upang makilala ang bida(protagonist) at ang kontrabida (antagonista)?

2. **Istorya o Pelikula** – May kaibahan ba ang istorya sa mga dating napanood mo na o ito'y isang gasgas na kuwento lamang? Malinaw bang naihanay ang mga pangyayari sa pelikula upang lubos na maunawaan ng mga manonood?

3. **Tagpuan** – Lugar na pinangyarihan o pinagdausan ng pelikula.

4. **Sinematograpiya** – Mapusyaw ba o matingkad ang kabuoang kulay ng pelikula? Nakatulong ba ang paggamit ng *visual effects* sa paglutang ng mga pangyayari sa pelikula?

5. **Tema o Paksa** –Nilalaman ito ng pelikula. Isang pangkalahatang kaisipan na nais palutangin ng may-akda ng pelikula. Mayroon bang "puso" ang pelikula? May taglay ba itong kaisipan at diwang titimo sa isip at damdamin ng mga manonood na kaugnay ng kanilang mga karanasan sa buhay?

6. **Paglapat ng Musika at Tunog** –Ito ang musikang tumutugtog habang may eksena; ang musika ay maaaring nagmula sa eksena o labas sa eksena.


**Mga dapat isaalang-alang sa pagsusuri ng isang pelikula:**

Ang **pelikula** ay isang kuwento – may simula, gitna at wakas. Isulat sa rebyu sa tingin mong pinakamahalagang eksena sa iyo. Maari ring ibuod ang buong kuwento. Huwag lamang ibibigay ang pinakapana-panabik na mga eksena lalo na ang wakas ng kuwento.


Sa **tauhan**, magkomento kung naging epektibo ba ang karakter ng aktor/artista sa pelikula. Ihambing din ang dating pinagbidahang pelikula ng artista. Banggitin din ang natatanging pagganap ng ibang karakter sa pelikula.

Sa **tagpuan**, naging makatotohanan ba ang depiksyon sa panahon? Angkop ba ang tagpuan sa pelikula?

Sa **sinetamograpiya**, ito ang sining ng pagkuha o pagrekord ng eksena gamit ang kamera na isinasaalang-alang ang mahusay na pagpili ng lokasyon o paggamit ng ilaw.



## *Pagyamanin*



**Gawain 1**

**Panuto: Panoorin at unawain ang maikling pelikula na may pamagat na "Ang Matalik na Magkaibigan" na makikita sa *link* sa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong at isulat sa sagutang papel ang tamang sagot**.

**Matalik na Magkaibigan**



*http://yuotube/maiklingpelikula/mataliknamagkaibigan-2020-06-03*

**Piliin ang angkop na elemento ng maikling pelikula na may salungguhit at nakabultobatay sa iyong pagsusuri.**

1. Pagkatapos mong mapanood ang pelikula, nakadama ka ng **paghanga**.
   A. tema
   B. kaisipan
   C. tauhan
   D. tagpuan

2. Nangyayari sa totoong buhay ang naganap sa pelikula tungkol sa magkaibigan samakatuwid, ito ay masasabing**kathang-isip**.
   A. uri ng maikling pelikula
   B. bahagi ng maikling pelikula
   C. tema ng maikling pelikula
   D. wakas ng maikling pelikula

3. Naging malinaw ang paghahatid ng mensahe ng pelikula dahil sa detalyado **ang mga pangyayari.**
   A. tema ng maikling pelikula
   B. tauhan ng maikling pelikula
   C. kaisipan ng maikling pelikula
   D. pagkasusunud-sunod ng mga pangyayari ng pelikula

4. Sa kabuoan, ang pelikula ay tungkol sa pagiging **<u>tapat sa kaibigan</u>**.
   A. wakas
   B. tagpuan
   C. mensahe
   B. kasukdulan
5. Ang maikling pelikula na may pamagat na Matalik na Magkaibigan ay nangyari sa **<u>isang nayon</u>**.
   A. wakas
   B. tagpuan
   C. mensahe
   B. kasukdulan

## Gawain 2

**Panuto: Susuriin natin ang pinanood mong pelikula na pinamamagatang "Ang Matalinong Kuneho". Basahin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang salitang <u>Tama</u> kung ang pahayag ay wasto at <u>Mali</u> kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

1. Masasabing makatotohanan ang naging pagganap ng mga tauhan kung naipahayag nila ang emosyon, kilos at pagsasalita ng tauhang kanilang ginagampanan.

2. Hindi mabisa ang isang pelikula kung iba't ibang mensahe ang nakuha ng manonood sa kanilang napanood.

3. Ang wastong pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari sa pelikula ay nagpapatunay lamang na maayos ang pagkakabuo nito.

4. Mahalagang maging detalyado mula sa kaliit-liitang bagay ang lahat ng mga pangyayari upang maunawaan ng mga manonood ang takbo ng pelikula.

5. Sa pamagat pa lamang ay nagkakaroon ka na ng ideya kung ano ang paksa ng pelikula na siyang humihikayat sa manonood.

6. Maituturing na pinakapundasyon sa pagsusuri ng isang pelikula ang tema. Ito ang nagsasaad ng pinakapaksa ng pelikula.

7. Ang mga gumaganap ng iba't ibang katauhan o karakter sa pelikula ay dapat tao lamang.

8. Masasabing maganda ang takbo ng pelikula kung angkop ang pagkasusunod-sunod ng mga eksena.

9. Ang pelikulang kailanma'y hindi maaaring lapatan ng musika upang ito ay higit na makabuluhan.

10. Ang kaangkupan ng ilaw at musika na ginamit sa pelikula ay nagbibigaykulay at katuturan sa mga manonood.

**Gawain 3**

**Panuto: Balikan natin ang pelikulang, "Ang Dalawang Gutom na Aso" at suriin natin ang mga elemento nito. Punan ng tamang sagot ang sumusunod na espasyo. Maaaring sundin ang anomang estilong nais subalit sa pagkakataong ito, mahalagang isaalang-alang ang pagkasusunod-sunod ng mga talata upang magkaroon ng isang malinaw na suring pelikula. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.**

**Narito ang mga sumusunod na hakbangin:**

1. Isulat ang pamagat ng pelikula
2. Simulan ang talata sa paglalahad ng paksa at buod ng pelikula.
3. Sa huli, isulat ang kaugnayan ng pelikula sa kasalukuyan at aral na mapupulot mula rito.

________________________________________

*Pamagat ng Pelikula*

1. **Panimula** (Ano ang layunin ng pelikula? Banggitin dito ang mga nagsisiganap na tauhan. Maaaring idagdag kung ito ay halaw sa isang nobela o kung saan nakabase ang pelikula.

________________________________________________________

2. **Pamagat** (Ano ang ipinahihiwatig ng pamagat ng pelikula? Ilarawan ang mga tauhan. Mahusay ba niyang nagampanan ang karakter sa pelikula? Saang bahagi ng pelikula nagpakita ang artista ng kahusayan sa pagganap o kahinaan sa paggganap?

________________________________________________________

3. **Tema o Paksa ng Akda** (Ipaliwanag ang tema ng pelikula. Ibigay ang mensaheng nais iparating ng pelikula sa manonood.

______________________________________________________________


4. **Sinematograpiya** (Mahusay ba ang mga kuha na ginamit sa pelikula? Nakatutulong ba ang mga *shots* at ilaw sa pagsalaysay ng kuwento ng pelikula?

______________________________________________________________

5. **Paglalapat ng Tunog at Musika** (Malinaw at maayos bang nailapat ang mga tunog sa mga bahagi ng pelikula na nagbigay-daan upang bigyang linaw ang mga pangyayari, tagpuan at kalagayan ng pangyayari sa pelikula?)
Ano ang aral na makukuha sa pelikula? Paano nagwakas ang pelikula? Nakamit ba ang layunin ng may-akda?

______________________________________________________________

## *Isaisip*



A. **Panuto: Punan ng wastong imprmasyon ang sumusunod na T-Tsart. Gayahin ang pormat sa sagutang papel.**

| **PAGSUSURI NG MAIKLING PELIKULA** | | |
|---|---|---|
| **Mga Elemento** | **Papaano sinusuri?** | **Kahalagahan** |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

A. Kumpletuhin ang pahayag na:

Bilang mag-aaral, magagamit ko ang aking kaalaman sa pagsusuri ng maikling pelikula sa pamamagitan ng ________________
_________________________________________________________________
________________________________________________________________.

## *Isagawa*

**Gawain 1**

Panoorin muli ang maikling pelikula na may pamagat na "**Ang Soro at ang Pusa**" hango sa *http://youtube/maiklingpelikula/angsoroatangpusa/05062020*. Suriin ito at punan ang *template* sa ibaba.Isulat ang sagot sa sagutang papel

***Pamagat ng Pelikula***

**Panimula**

**Pamagat**

**Tema**

**Tunog at Musika**

**Sinematograpiya**

Kung ikaw ay mahaharap sa sitwasyon na katulad nina Soro at Pusa. Kaninong paraan ang susundin mo at bakit?

___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

**Gawain 2**

Hayan marami ka nang nasuri na mga pelikula. Tiyak na mawiwili kang manonood muli dahil hahanapin mo ang mga bahaging ipinapaliwanag ko.

Handa ka na bang gawin ang susunod na gawain? Pagbutihin mo!

Panoorin ang maikling pelikula na pinamagatang, "*Ang Alamat ng Pakwan*" sa *http://youtube/maiklingpelikula/alamatngpakwan*. Suriin ito gamit ang *template* sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. **Ano ang nais iparating ng pelikula?**

___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________

2. **Ilarawan ang mga tauhan sa pelikula.**

___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________

3. **Sumulat tungkol sa tema ng pelikula.**

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

4. **Paano nabigyang linaw ang mga pangyayari sa pelikula ? Nakatutulong ba ang musika na ginamit dito?**

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

5. **Paano nagwakas ang pelikula?**

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## *Tayahin*

Marami ka nang napanood. Ikaw, anong pelikula ang iyong nagustuhan? Bakit? Naantig ba nito ang iyong damdamin sapagkat may kaugnayan ito sa iyong buhay?

Sige, manood ka pa upang lalong mahasa ang iyong kasanayan sa pagsusuri ng isang pelikula.

Panoorin ang maikling pelikula na pinamagatang, "***Ang Soro at ang Pusa***" na makikita sa *http://youtube/maiklingpelikula/angsosroatanagpusa/05062020* at punan ang sumusunod na kahon ayon sa hinihingi nitong elemento ng maikling pelikula. Pumili ng sagot sa unang kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| **1. Pamagat** | |
| **2. Tauhan** | |
| **3. Tagpuan** | |
| **4. Tema** | |
| **5. Pagpapahalagang Moral** | |

Sa pelikulang, "***Alamat ng Pakwan***" na makikita sa http://youtube/maiklingpelikula/*alamatngpakwan*, sagutin ang hinihingi sa kahon. Rubriks ang gagamitin sa pagmamarka.

**Pamagat**

6. ____________

**Tauhan**

7. ____________

**Tema**

8. ______________

**Tagpuan**

9. _______________

**Pagpapahalagang Moral**

10. _______________

## RUBRIK PARA SA PAGSUSURI NG PELIKULA

| PUNTOS | TUON | DETALYE | PAGLALAHAT | PARAAN NG PAGSULAT |
|---|---|---|---|---|
| 9-10 | Ang buong pagsusuri ay tungkol sa pelikula.<br><br>Nakabuo ng isang mahalagang opinyon mula sa pinanood .<br><br>Ang lahat ng nilalaman ng pagsusuri ay kaugnay ng nabuong opinyon. | Nagbigay ng maraming detalye tungkol sa pinanood.<br><br>Gumamit ng halimbawa mula sa pinanood upang maipaliwanag ang batayang konsepto. | Ang paglalahat sa pinanood ay naglalaman ng lahat ng mga pangunahin at mahalagang punto sa pinanood. | Malinaw ang ipinararating na mensahe ng mga pangungusap. Maayos na nakasulat ang lahat ng mga pangungusap. |
| 7-8 | Ang buong pagsusuri ay tungkol sa pelikula .<br><br>Nakabuo ng isang mahalagang opinyon mula sa pinanood. | Nagbigay ng ilang detalye tungkol sa pinanood. Gumamit ng kaunting halimbawa mula sa pinanood upang maipaliwanag ang batayang konsepto | Ang paglalahat sa pinanood ay naglalaman ng apat na mga pangunahin at mahalagang punto sa pinanood. | Mayroong 1 hanggang 2 pangungusap na hindi malinaw ang mensahe at hindi maayos ang pagkasulat. |
| 5-6 | Nakabuo ng isang opinyon ngunit hindi nakatuon sa pinanood | Nagbigay ng ilang detalye tungkol sa pinanood . | Ang paglalahat sa pinanood ay naglalaman ng tatlong mga pangunahin at mahalagang punto sa pinanood. | Mayroong mahigit sa tatlong pangungusap na hindi malinaw ang mensahe at hindi maayos ang pagkasulat. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3-4 | Nakabuo ng isang opinyon ngunit walang kaugnayan sa pinanood | Nagbigay ng ilang detalye tungkol sa pinanood ngunit kulang | Ang paglalahat sa pinanood ay naglalaman ng dalawang mga pangunahin at mahalagang punto sa pinanood. | Mayroong mahigit sa apat na pangungusap na hindi malinaw ang mensahe at hindi maayos ang pagkasulat. |
| 1-2 | Hindi nakabuo ni isang opinyon tungkol sa napanood | Hindi nagbigay ng detalye sa pinanood | Ang paglalahat sa pinanood ay naglalaman ng isang pangunahin at mahalagang punto sa pinanood lamang. | Iisang pangungusap lamang ang may malinaw na mensahe. |

| **Puntos** | **Kahulugan** |
|---|---|
| 9-10 | Napakahusay |
| 7-8 | Mahusay |
| 5-6 | Katamtaman |
| 3-4 | Kailangan mong magsanay |
| 1-2 | Kailangan mo ang puspusang pagsasanay |

## *Karagdagang Gawain*



Wasto ba ang lahat ng iyong naging kasagutan? Kung gayon, naging mabunga ang iyong pag-aaral.

Kung mayroon ka mang kamalian, muli mong balikan ang iyong mga naging kasagutan at balik-aralan mo ito upang maunawaan kung bakit iyon ang tamang sagot.

Muli mong sagutin ang kasunod na gawain upang mapalawak pa lalo ang iyong kaalaman. Galingan mo ha?

**Gawain 1**

**Panuto: Panoorin muli ang maikling pelikulang may pamagat na "*Ang Soro at ang Pusa*". Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy ng nasa A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa papel.**

| **HANAY A** | | **HANAY B** |
|---|---|---|
| 1. | Mapasaya ang manonood | A. Mensahe |
| 2. | Ang soro, pusa at mga aso | B. Tauhan |
| 3. | Sa kagubatan | C. Layunin |
| 4. | Magkaroon ng tiyak na desisyon | D. Tagpuan |
| 5. | Namatay ang soro | E. Wakas |

**Gawain 2**

**Panuto: Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari ayon sa tagpo ng napanood na maikling pelikulang "*Ang Soro at ang Pusa*". Isulatang titik mula A hanggang E ayon sa wastong pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari sa pelikula sa sagutang papel**


_______"Ngiyaw, iyan ang paraan ko. Ngayon, ikaw naman ang mamili sa daming paraan mo", payo ng pusa." O, sige… kalma lang. uhmmm… tatakbo ba ako sa pinakamalaking bato o tatalon ba ako sa barhuwela? Ano kaya ang gagawin ko? Naku po! malapit na sila. Ano ang gagawin ko?" tanong ng soro sa sarili.

_______"Handa na ako sa kahit anong sitwasyon. Marami akong paraan na puwedeng pagpilian kapag sinubukan akong atakihin ng mga kalaban, makaliligtas ako," pagmamayabang ng soro. "Ngunit, natatakot ako, iisa lang ang paraan na alam ko pero lagi naman iyong epektibo sa akin," sabat ng pusa.

_______"Isa lang? Anong klase iyan? Ako, halos isang daang paraan mayroon ako para sila magtakbuhan," sagot ng soro. Ilang sandali pa, nakita sila ng mga asong tumatakbo papunta sa kanila, kaya umakyat kaagad ang pusa sa puno sa pinakamataas na bahagi nito.

________Tumakbo nang tumakbo ang soro at patuloy na naghahanap ng barhuwela. Ngunit maliit ito at mahahabol din siya.Ngunit huli na ang lahat sa napakaraming naisip, naabutan siya ng mga aso at namatay ito. Awang-awa ang pusa sa soro.

_______Isang soro at isang pusa ang magkasamang namamasyal sa gubat. Nagsimula nang magmayabang ang soro.



*Binabati kita kaibigan! Napakagaling mo! Natapos at napagtagumpayan mo ang aralin. Sana'y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin sa araw na ito.*
*Bagaman tapos na tayo sa araling ito, ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin, ang* ***Modyul 11:*** **PAGBIBIGAY NG SARILI AT MAARING SOLUSYON SA ISANG SULIRANING NAOBSERBAHAN SA PALIGID**

# Susi sa Pagwawasto

**ISAISIP**

**A.**

1. Tauhan – Sila ang nagbibigay buhay o gumaganap sa karakter ng pelikula.
2. Tagpuan – Lugar na pinagdausan o pinangyarihan ng pelikula.
3. Sinematograpiya – Ito ang sining ng pagkuha o pagrekord ng eksena gamit ang kamera na isinasaalang-alang ang mahusay na pagpili ng lokasyon o paggamit ng ilaw.
4. Tema o Paksa – Nilalaman ito ng pelikula.
5. Paglalapat ng Musika at Tunog – Ito ay musikang tumutugtog habang may eksena; ang musika ay maaaring nagmula
6. Pagpapahalagang Moral – Ito ay pangkalahatang katotohanan na tinatanggap ng tao bilang mabuti at mahalaga. Ito ang aral na makukuha sa isang pelikula na maaaring isabuhay ng manonood.

B. Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang pag-iiskor ng guro.

**PAGYAMANIN**

| GAWAIN 1 | GAWAIN 2 | GAWAIN 3 |
|---|---|---|
| 1. B | 1. T | 1. Ibabatay sa rubrik ang sagot ng mag-aaral |
| 2. A | 2. M | |
| 3. D | 3. T | |
| 4. C | 4. T | |
| 5. B | 5. T | |
| | 6. T | |
| | 7. M | |
| | 8. T | |
| | 9. M | |
| | 10.T | |

**TUKLASIN**

1. tagpuan
2. tauhan
3. paksa
4. mensahe
5. wakas

**BALIKAN**

1.kagubatan

2.pagiging matalino

3.ang katalinuhan ay nakahihigit sa pisikal na lakas

4.kuneho, leon,tigre, mga pagong,at soro

5.magbigay-aral

**SUBUKIN**

1. A
2. A
3. A
4. D
5. B
6. D
7. B
8. A
9. A
10. D

# Susi sa Pagwawasto

**ISAGAWA**

1. B
2. D
3. B
4. B
5. B

- Kay Pusa, dahil kahit isang paraan lamang mayroon siya naging epektibo naman ito para sa kanya, kaya nakaligtas siya sa mababangis na aso.

**KARAGDAGANG GAWAIN**

| Gwain 1 | Gawain 2 |
|---|---|
| 1 .B | D |
| 2. B | B |
| 3. A | C |
| 4. C | E |
| 5 .A | A |

**TAYAHIN**

| Gawain A | Gawain B |
|---|---|
| 1. B | 6. Matulungin |
| 2. B | 7. Pagsang-ayon |
| 3. A | 8. Pagyaya |
| 4. A | 9. Matutuwa |
| 5. B. | 10. nasasabik |

## ***Sanggunian:***


- *Most Essential Learning Competencies (MELCs)-(F6PD-If-10)*
- *2016 K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino*
- *http://youtube/maiklingpelikula/angsoroatangpusa*
- *http://youtube/maiklingpelikula/angalamatngpakwan*
- *http://youtube/maiklingpelikula/angdalawanggutomnaaso*
- *http://youtube/maiklingpelikula/mataliknamagkaibigan*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph